Ang Pagkakaiba sa pagitan ng Hukumang Pangkriminal at Hukumang Sibil

Ang mga batas ukol sa krimen ay mga patakaran na naaangkop kapag ang isang tao ay gumagawa ng isang krimen, tulad ng pag-atake, pagnanakaw, pagpaslang, panununog, panggagahasa at ibang mga uri ng krimen. Pagkatapos mahuli at masakdal ang isang tao para sa isang krimen, ang taong iyon ay pupunta sa isang Hukumang Pangkriminal.

Ang batas-sibil ay tumutukoy sa halos lahat ng ibang mga hindi pagkakasundo—ito ay mga patakaran na naaangkop sa isang taong hinahabla ang isa pang tao, negosyo o ahensiya. Maaari nitong masakop ang isang kaso sa pabahay tulad ng para sa pagpapaalis o foreclosure, isang kaso na may kaugnayan sa pamilya tulad ng diborsiyo o kustodiya, mga problema ng konsyumer tulad ng utang o bangkarota, o kapag ang isang tao ay naghahabla para sa pera dahil sa pinsala sa ari-arian o personal na pinsala. Ang lahat ng mga kasong ito ay mapupunta sa isang Hukumang Sibil.

Ang mga hukom sa hukumang pangkriminal at hukumang sibil ay mayroong iba't-ibang mga kapangyarihan. Ang mga hukom sa Hukumang Pangkriminal ay maaari kayong parusahan para sa paglabag sa batas sa pamamagitan ng pagpapadala sa inyo sa bilangguan. Ang mga hukom sa Hukumang Sibil ay maaaring atasan kayong magbayad ng salapi o multa, o gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pamilya o tahanan.

Ano ang nangyayari sa hukumang pangkriminal?

Sa hukumang pangkriminal, ang pamahalaan ay nagsasampa ng isang kaso laban sa isang tao para sa paggawa ng isang krimen. Ang taong inakusahang gumawa ng krimen ay tinatawag na *akusado*. Dapat patunayan ng pamahalaan na may sala ang akusado "nang walang makatwirang pag-aalinlangan," na isang napakataas na pamantayan. Kung mapapatunayang may sala ang akusado, kung gayon maaari siyang mabilanggo o mapiit.

Inakusahan ako ng isang krimen at hindi ko makakaya ang isang abogado. Ano ang magagawa ko?

Sa ilalim ng batas ng Estados Unidos, kung kayo ay inakusahan ng isang krimen na maaaring humantong sa pagsintensiya sa bilangguan, dapat magtalaga ang hukom ng isang abogado na binabayaran ng pamahalaan na tinatawag na isang *pampublikong tagapagtanggol* o *abogado para sa legal na tulong* upang kumatawan sa inyo sa hukuman *kahit na wala kayong legal na katayuan sa imigrasyon.*

Tungkol sa Gabay na ito

Ang gabay na ito ay ginawa ng Legal Aid Society of Northeastern New York sa pakikipagtulungan sa New York LawHelp Consortium at Pro Bono Net, na may suporta mula sa programa ng Legal Services Corporation Technology Initiative Grant.

Upang basahin ang lahat ng mga gabay sa seryeng ito, pumunta sa **LawHelpNC.org** o **LawHelp.org**.

LSC Legal Services Corporation

LEGAL AID NC

probono.net

Upang makakuha ng isang pampublikong tagapagtanggol o abogado para sa legal na tulong, kailangan ninyong sabihin sa abogado na hindi ninyo makakayanang umupa ng isang abogado. Ang bawat hukuman ay mayroong iba't-ibang mga patakaran para sa kung gaano kababa dapat ang inyong kita upang maging kwalipikado para sa isang pampublikong tagapagtanggol o abogado para sa legal na tulong. Maaaring hilingin sa inyo ng hukom na punan ang isang form na naglilista sa kung ano ang inyong pagmamay-ari at magkano ang inyong kinikita.

Maaaring din na kailanganin ninyo na magbigay ng mga kopya ng inyong mga paystub upang patunayan kung magkano ang inyong kinikita. Kung walang pampublikong tagapagtanggol o abogado para sa legal na tulong kung saan kayo nakatira, kung gayon maaaring magtalaga ang hukom ng isa pang abogado upang kumatawan sa inyo nang libre. Kung kayo ay hindi isang mamamayan ng Estados Unidos, tanungin ang inyong pampublikong tagapagtanggol o abogado para sa legal na tulong na tanungin sa isang kwalipikadong abogado para sa imigrasyon ang tungkol sa kung paano makakaapekto ang isang plea bargain (pakikipagsundo sa umuusig upang bawasan ang mga paratang) sa inyong kriminal na kaso sa inyong katayuan sa imigrasyon. Ang ilan sa mga plea bargain (pakikipagsundo sa umuusig upang bawasan ang mga paratang) ay maaaring magresulta sa deportasyon. Ang isang kwalipikadong abogado para sa imigrasyon ay maaaring magmungkahi ng isang plea bargain (pakikipagsundo sa umuusig upang bawasan ang mga paratang) na kasunduan na hindi magreresulta sa deportasyon.

Ako ay isang biktima ng krimen. Kailangan ko ba ng abogado sa hukumang pangkriminal?

Kung kayo ay isang biktima ng krimen, *hindi* ninyo kailangan ng isang abogado sa hukumang pangkriminal. Abogado lamang para sa pamahalaan ang maaaring magsampa ng isang kaso sa hukumang pangkriminal. Ang abogadong para sa pamahalaan ay tinatawag na *tagausig, district attorney (abogado ng distrito) D.A., abogado ng county, o abogado ng estado.*

Ano ang nangyayari sa hukumang sibil?

Sa hukumang sibil, *hinahabla* (nagsasampa ng isang kaso) ng isang tao ang isa pang tao dahil sa isang hindi pagkakasundo o problema sa pagitan nila. Ang isang negosyo o ahensiya ay maaari rin na magsampa ng isang kaso sa hukumang sibil o ihabla sa hukumang sibil. Kung ang isang tao ay matatalo sa isang kaso sa hukumang sibil, ang taong iyon ay maaaring atasang magbayad ng pera sa kabilang panig o ibalik ang ari-arian, ngunit ang taong iyon ay *hindi* mabibilanggo dahil lamang sa pagkakatalo ng kaso.

Ano ang mga uri ng mga kasong hinahawakan ng mga hukumang sibil?

Ang mga kaso sa hukumang sibil ay maaaring tungkol sa:

- pera at mga utang
- ari-arian
- pabahay – tulad ng pagpapaalis, foreclosure o upang ayusin ang masamang mga kalagayan ng pamumuhay
- isang pinsala – tulad ng mula sa isang aksidente sa kotse, maling paggamot sa pasyente o pinsala sa kalikasan
- kasal at mga anak – tulad ng diborsiyo, kustodiya, suporta sa anak, o pag-aalaga

Ang mga *administratibo* o pampamahalaang ahensiya ay mayroon din na mga pagdinig upang pangasiwaan ang mga kasong sibil tulad ng:

- pagkakait ng mga pampublikong benepisyo tulad ng welfare, mga Food Stamp at Medicaid
- mga paglabag sa trapiko
- mga pagdinig sa kawalan ng trabaho at kabayaran sa mga manggagawa
- mga benepisyo sa Social Security at SSI
- diskriminasyon at mga paglabag sa mga karapatang-sibil

Gaano kahirap ipanalo ang isang kaso sa hukumang sibil?

Para manalo, dapat ninyong patunayan ang inyong kasong sibil sa pamamagitan ng "pangingibabaw ng ebidensiya." Sa madaling salita, ang hukom o hurado ay dapat maniwala na ang inyong kaso ay mas malakas kaysa sa kaso ng kabilang panig.

Hindi ko makakaya ang isang abogado para sa aking kaso sa hukumang sibil. Ano ang magagawa ko?

- **Makipag-ugnayan sa legal na tulong** (tinatawag din na *mga serbisyong legal*) o ibang mga ahensiyang hindi kumikita na nagbibigay ng *libreng* legal na tulong sa mga taong hindi makayanang umupa ng isang abogado. Ang mga ahensiyang ito ay karaniwang tumutulong sa:
  - karahasan sa tahanan
  - larangan ng batas na may kaugnayan sa pamilya – diborsiyo, kustodiya, suporta sa anak at pag-aalaga
  - pabahay – pagpapaalis, foreclosure, masamang mga kalagayan sa pamumuhay
  - mga pampublikong benepisyo – welfare, mga Food Stamp, Medicaid, SSI, at Social Security
  - mga problema ng konsyumer – utang sa credit card at bangkarota
  - Ang bawat ahensiya ay mayroong iba't-ibang mga patakaran tungkol sa kung sino ang kwalipikado para sa mga serbisyo at ang mga uri ng mga serbisyong legal na ibinibigay nila. Gayunpaman, ang mga ahensiyang ito ay hindi maaaring tulungan ang lahat ng nangangailangan ng tulong kahit na sila ay kwalipikado para sa mga serbisyo. Pumunta sa **LawHelpNC.org** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano makikipag-ugnayan sa mga ahensiya ng legal na tulong at para sa legal na impormasyon na maaaring tumulong sa inyong lutasin ang inyong legal na problema.

- **Makipag-ugnayan sa inyong lokal na samahan ng bar**, na isang organisasyon para sa mga abogado.
  - Maaari ninyong tawagan ang *serbisyo ng abogado para sa pagre-refer* ng inyong lokal na samahan ng bar upang maghanap ng isang lisensyado at pribadong abogado na mayroong karanasan sa uri ng inyong legal na problema. Makikipagkita sa inyo ang inyong abogado sa loob ng 30 minuto tungkol sa inyong kaso para sa singil na mas mababa sa $50. Napakahalagang maingat na repasuhin ang kasunduan ng singil bago ninyo upahan ang abogado upang simulang gawin ang inyong kaso. Karaniwan, walang singil para sa mga kaso ng maling paggamot sa pasyente, aksidente sa kotse o kabayaran sa manggagawa dahil mababayaran lamang ang abogado kung mananalo ang inyong kaso.

- Maaari rin ninyong tanungin ang inyong lokal na samahan ng bar o lokal na paaralan para sa batas kung mayroon sila ng anuman sa mga sumusunod na *libreng* serbisyo para sa mga taong nangangailangan ng legal na tulong:
  - *isang proyekto ng boluntaryong abogado (volunteer lawyer project)*
  - *isang walang bayad na proyekto* (isa pang salita para sa isang proyekto ng boluntaryong abogado o volunteer lawyer project)
  - *isang libreng workshop para sa batas*
  - *isang klinika para tulungan ang sarili*

Upang makipag-ugnayan sa samahan ng bar sa inyong lugar, pumunta sa **www.americanbar.org/groups/bar_services/resources/state_local_bar_associations.html**

Para sa Karagdagang Impormasyon
Naghahanap ng karagdagang impormasyon sa paksang ito? Bisitahin ang LawHelpNC.org.

Pagtatatuwa ng Pananagutan
Ang gabay na ito ay inihanda para lamang sa mga layunin ng pangkalahatang impormasyon. Ang impormasyong nilalaman nito ay hindi isang legal na payo. Ang legal na payo ay depende sa mga partikular na kalagayan ng bawat sitwasyon. At saka, maaaring mag-iba ang batas sa bawat estado. Ang ilang impormasyon sa gabay na ito ay maaaring hindi wasto para sa inyong estado. Upang maghanap ng mga lokal na mapagkukunan, bisitahin ang LawHelpNC.org.